

● Paghahatian ba namin ang mga utang?

Ang mag-asawa ay may pananagutan sa bayad ng mga utang gamit sa pang araw-araw na kabuhayan. Halimbawa: bayad sa koryente, gas sa pugon pampainit ng bahay, bakasyon ng pamilya, at utang sa kredit kard na nasa pangalan ng mag-asawa.

Hindi mo pananagutan ang pangsariling utang ng iyong asawa maliban kung ikaw ay nakapirma sa kanyang utang. Halimbawa, hindi mo pananagutan ang perang hiniram ng iyong asawa upang gamitin sa negosyo. Dapat isara ang kredit kard na nasa pangalan ninyong mag-asawa.

● Paano matatapusan ang pagsasama ng mga nagpipisan o hindi legal na kasal?

Ang samahan ng nagpipisan ay mawawakasan kung sila ay naghiwalay at hindi magkasama sa paninirahan. Hindi kinakailangan na magdaan pa sa pagdidiborsyo o legal na hiwalay upang matapusan ang pagpisan.

Subalit pareho ang inyong karapatan at katungkulan kaugnay ng pagkukop at pakipag-ugnayan sa anak., ang paghahati ng mga ari-arian at kung paano babayaran ang utang.

Kung ang mga karapatan at katungkulan na nabanggit ay hindi mapagkasunduan, idulog ito sa hukuman upang mapagpasiyahan ng hukom.

Mga karagdagang karunungan:

Simulang maghanap sa inilalahad ng “LISNS” online legal information”. Maraming paksa ukol sa batas ang: www.legalinfo.org

Upang makatanggap ng walang bayad na karunungan ukol sa batas, tawagan ang sumusunod na numero: 1 800 665 9779 o 455 3135

Kailangan ng abogado? Tumawag sa sanggunian ng mga abogado (Lawyer Referral Service): 1800 665 9779 o 455 3135. Maaring makipagpulong ng kalahating oras sa abogado sa halagang \$20 + HST. Ang abogado ay makapagbibigay ng mahalagang kasagutan sa mga katanungan.

Gusto mo ba lamang mapakinggan ang mga nakatala na mensahe sa telepono ukol sa particular na paksa? Tumawag sa “Dial-a-Law”, 420-1888.

Mabibigyan ka ng tagapagsalin ng wika kung ikaw ay nadakip ng pulis o kailangang humarap ng hukuman

Ang mga kopyang dokumento ukol sa diborsyo ay makukuha sa “website” ng mga grupo ng abogado sa Nova Scotia (Nova Scotia Barristers’ Society): nslaw.nsbs.org/nslaw/forms.do

Karunungan sa batas ng pamilya (Family Law Information Centres) at mataas na hukuman para sa dibisyon ng pamilya (Supreme Court ‘Family Division’): <http://gov.ns.ca/just/flic/>

Mayroong kit na magagamit ukol sa diborsyo (Do-it-Yourself divorce kit) na makukuha sa mataas na hukuman ng Nova Scotia (Nova Scotia Supreme Court) dibisyong pampamilya sa Halifax o sa Sydney.

Ang kit na ito ay mayroong maliit na bayad. Makikita ang talaan ng mga hukuman sa kulay asul na pahina ng direktoryo ng telepono. Hanapin ang salitang “Courts”.

Maari din na bisitahin ang website: www.courts.ns.ca

Para sa patakarang ukol sa pagkukop sa anak: www.justice.gc.ca/eng/pifcy-fea/sup-pen/index.html

Mayroong libreng maliit na aklat “online” na naglalahad ng kaalaman ukol sa batas. Ito ay magagamit ng bababae o lalaki. Ang pamagat ay “Understanding the Law: A Guide for Women in Nova Scotia” o Unawain ang Batas: Patnubay sa Kababaihan ng Nova Scotia. <http://www.nawl.ca/ns/en/affili/NSAWL-ut10.htm>

Ang nakatalang “And They Lived Happily Ever After: Rights and Responsibilities of Common Law Partners (2009), ay matatagpuan sa: <http://women.gov.ns.ca/assets/files/andtheylivedhappily2de.pdf>

Ang samahan ng “Nova Scotia Advisory Council” ay may patnubay na batas nauukol sa mga kababaihan na bagong mamamayan. Ito ay nakabahagi sa “Laws in Nova Scotia”: <http://women.gov.ns.ca/laws-in-nova-scotia.html>

Ang talaan ng mga opisina na tumutulong sa pag-alam ng batas (Legal Aid Offices): www.nslegalaid.ca/contact.php

Sa mga karagdagang karunungan ukol sa batas pampamilya, basahin ang polyeto na may pamagat: **Ang Mga Dapat Malaman ng Bagong Mamamayan Ukol sa Pampamilyang Batas ng Pangangalaga at Pagkukop sa Mga Anak.**

Mga karunungan ukol sa batas pampamilya sa Nova Scotia: <http://nsfamilylaw.ca/>

Ang polyetong ito ay naglalahad ng karaniwang batas sa bansa ng Canada at hindi sinasakop ang tunay na payo ng abogado.

LEGAL Information
SOCIETY OF NOVA SCOTIA

5523 B Young Street
Halifax, Nova Scotia
Canada B3K 1Z7

NOVA SCOTIA

Nilikha sa tulong nang
Probinsya ng Nova Scotia
March 2012

Ang Mga Dapat Malaman ng
Bagong Mamamayan Ukol Sa

Batas

Ukol sa Mag-asawa, Paghihiwalay, at Diborsyo

Ang kasulatang ito ay nagbibigay ng karunungan ukol sa mga batas pampamilya, paghihiwalay, dibors at mga iba pang kaalaman.

LEGAL Information
SOCIETY OF NOVA SCOTIA

Ang batas pampamilya ay mga paksa na may kaugnayan sa mag-anak. Kasama sa mga binabanggit dito ay ang pag-asawahan, paghihiwalay, diborsyo, kasama sa buhay na walang legal na kasal, ang pagkukup, tustos at pakikipag-ugnay sa anak. Inilalahad dito ang mga batas ukol sa karapatan at pananagutan sa pamilya.

- **Alinsunod ba sa batas ng Nova Scotia ang aking kasal na ginanap sa ibang bansa?**

Karamihan ng kasal sa ibang bansa ay kinikilala sa batas ng Nova Scotia. Subalit isang asawa lamang ang kinikilala.

- **Gusto kong humiwalay sa aking asawa. Ano ang dapat kong gawin?**

Kinakailangan mong humingi ng payo sa abogado. Hindi tamang gamitin ang abogado na siya ring sanggunian ng iyong asawa.

Ang abogado ang magpapaliwanag ukol sa iyong mga karapatan at pananagutan. Mga bagay na maaring ipayo sa iyo ay nauukol sa:

- kupkop, tustos, at pakikipag-ugnay sa anak (kung may anak)
- paghati ng ari-arian at utang

Maaring ikaw ay makahingi ng tulong sa pangaraw-araw na pamumuhay sa iyong asawa tulad ng bahagi ng kanyang pensiyon, at iba pa niyang ari-arian.

Kung napagpasiyahan na ang mga kasunduan, ang iyong abogado ang makapagpapayo sa mga bagay na ilalagay sa kasunduan. Siya rin ang magtatanggol sa iyong kapakanan.

- **Ako ba ay maaring manatili sa aming tahanan?**

Maaari kang tumigil sa tahanan na kasama ang iyong pamilya. Kung ang iyong asawa ay pumapayag sa iyong pagtira sa tahanan, dapat na isama ito sa inyong kasunduan. Subalit kung ayaw ng iyong asawa, dapat mong dalhin sa hukuman ang iyong hinihiling upang ito ay mapagpasiyahan ng hukom. Maipapaliwanag ng abogado ang nararapat mong gawin.

- **Madadala ko ba ang aking mga gamit pag-alis ko ng tahanan?**

Ang pangsarili mong kagamitan ay madadala. Kung ang mga anak mo ay kasama sa paglipat, maaaring dalhin ang kanilang kagamitan tulad ng damit at laruan. Mayroon ka ring karapatan sa mga ari-arian na naipundar ninyong mag-asawa. Humingi ng payo sa abogado kung ikaw ay hinahadlangan ng iyong asawa.

Hindi mo dapat ipamigay o` itinda ang mga ari-arian ninyong mag-asawa, tulad ng mga kasangkapan sa loob ng bahay (mesa, silya at iba pa).

- **Gusto naming mag-asawa na mag-diborsyo. Ano ang dapat kong gawin?**

Sa Nova Scotia, ang mag-asawa na nanirahan dito sa loob ng isang taon ay maaaring magharap ng hangad upang maghiwalay. Kinakailangang ibigay ang dahilan para sa paghiwalay. Ang tawag sa dahilan ay “grounds”.

Ang karaniwang dahilan sa paghihiwalay ay matagal o` isang taong hindi magkapisan. Itinuturing din na dahilan ang pakikiapid, pananakit at kalupitan ng pagiisip.

Kailangang ihanda ang katibayan ng iyong kasal (marriage certificate) na nakasulat sa Ingles o` Franse.. Hilingin ang tanging pahintulot ng hukuman para makapag-diborsyo kung walang maipakitang katibayan ng kasal.

- **Maaari bang makakuha ng diborsyo sa Canada kung ako ay ikinasal sa ibang bansa?**

Oo. Walang anuman kung kayo ay kasal sa ibang bansa. Ang diborsyo sa Canada ay may bisa` sa ibang bansa kung kinikilala nila ang bigay na hatol ng Canada.

- **Kung ako ay nakakuha ng diborsyo sa Canada subalit ang aking kasal ay ganap sa ibang bansa, kinikilala din ba ang aking diborsyo sa nasabing bansa?**

Nararapat na siyasatin ang batas ng bansa na iyong pinagkasalan upang malaman kung ang diborsyo na inihatol sa Canada ay kanilang kinikilala.

- **Ako ay diborsiyado sa ibang bansa. Kinikilala ba ng Nova Scotia na lehitimo ang aking dibors?**

Ang dibors na nakamit sa ibang bansa maliban sa Canada ay kinikilalang tunay na dibors sa Canada. Lalong matibay ang pagkakakilala sa dibors kung ang asawa ay tunay na may kaugnayan sa bansang pinagkasalan

Ang batas ng Canada ukol sa dibors (Canada Divorce Act) ay nangangailangan na ang sinumang may nakamit na diborsyo sa ibang bansa ay dapat nakapanatili sa nasabing bansa sa loob ng isang taon sa panahon ng pagkakabigay sa kanya ng diborsyo.

- **Kinakailangan ko bang kumuha ng abogado?**

Hindi naman kinakailangan kumuha ng abogado subalit, makakatulong kung mayroong magpapayo sa iyo ukol sa batas ng paghihiwalay o` diborsyo. Ang paghihiwalay ay malaking bagay sa iyong buhay. Ang mga karapatan at pananagutan mo sa hinaharap ay maaring mapinsala.

Sa katapusang pahina ay matatagpuan ang talaan ng mga lugar na mapupuntahan para makakuha ng mga polyeto at “kit” na naglalahad ng mga paraan nauukol sa diborsyo.

Ang abogado ay makakatulong na mapag-aralan mo ang mga polyeto bago isampa sa hukuman.

- **Mawawala ba sa akin ang bahay at iba pang ari-arian pag nakuha ko na ang diborsyo?**

Pangkaraniwan na paghatian ng mag-asawa ang mga ari-arian pag nag-diborsyo.

Ang ari-arian na nakamit bago nag-asawa o` sa panahon ng pagsasama bilang mag-asawa ay sakop na ari-arian ng parehong mag-asawa. Halimbawa, bahay, mga bahay kagamitan, sasakyan, salapi sa bangko, puhunan, “stocks”, “RRSP”, pensiyon at ibang magkasamang pinuhunan. Ang mga ari-arian at salaping minana ay maaring hindi mahati. Maari ninyong pag-usapang mag-asawa kung paano paghahatian ang mga ari-arian. Dapat sumangguni sa nakakaalam ng batas bago pumirma sa anumang kasunduan.

Kung hindi kayo magkasundo, ang abogado o` pamilyang namamagitan ay maaring makatulong upang makamit ang kasunduan. Kung hindi pa rin marating ang tamang kasunduan, ikaw o` ang iyong asawa ay maaring humingi ng hatol sa hukuman.